

1

Cebu City...

If looks could kill, malamang nakapatay na nang wala sa oras si Agent Imelda Victoria Tuazon sa talim ng tinging ibinabato niya sa dalawang kaharap. Kagagaling lang niya at ng ilang teammates sa isang operation kung saan may nahuli sila sa salang possession of illegal substances. Pero kung umasta ang mga suspek nang mga sandaling iyon ay parang walang kinasasangkutanang seryosong kaso ang mga ito.

Pastilan, naiiling na sabi niya sa isip bago bumalik sa pagtipa sa keyboard ng computer para sa kino-compose na report. Mabuti at sa keyboard pa rin dumikit ang mga daliri niya. Malapit na niyang hugutin ang baril sa kinalalagyan niyon sa drawer, magubos ng bala at nang mawala na ang iritasyon niya.

Anak ng tokwa naman kasi! Saan ka ba nakakita ng dalawang taong may malaking posibilidad na makulong pero haplusan nang haplusan as if walang maling nangyayari sa buhay ng mga ito habang hinihintay matapos ang papeles na kanyang inaayos?

Normal sigurong makakita ng ganoong overt na paglalambutsingan, kahit pa nakakangilo sa bangs. Young lovers nga, eh. Raging hormones. Kung sana lang ay nasa park ang mga

ito. O kaya ay sa restaurant. Lalo na siguro sa kadiliman ng isang sinehan o kahit pa sa sala ng isang bahay. Kahit tirik pa ang araw, at least may mae-enjoy na privacy ang mga ito roon. Pero habang ini-interrogate sa loob ng opisina ng *PDEA*?

Kung di ka lang magiging perpetrator ng double homicide...

“Date of birth n’yong dalawa?” pabalang niyang tanong.

Ibinigay ng mga ito ang hiningi niyang impormasyon. Habang itina-type niya iyon, narinig niya ang muling pagpapalitan ng usapan.

“Labs, malapit na pala birthday mo, ano?” Halos isampay ng babae ang sarili sa katipan habang idinadaan ang mga daliri sa buhok nito.

“Oo nga, eh.” Nagnakaw ito ng halik sa labi ng nobya. “Ano’ng gift mo sa akin?”

“Hmm,” anito, tinapik-tapik ng daliri ang baba habang nakatirik ang mata, “ano ba’ng gusto mo?”

“Kahit ano naman, basta galing sa iyo.”

“Ipaghahanda na lang kita.” Ito naman ang nagnakaw ng halik. “Lahat ng paborito mong putahe.”

“Yan naman!” Pumalampak pa ang walanghiya. “Thank you, Babe! I love you!”

Isa pang session ng mabilis na tukaan and that was it.

Tumirik na nang tuluyan ang mga mata niya bago niya hinampas nang malakas ang mesa na halos mabasag ang glass top niyon.

“Ano ba? Wala ba kayong konsepto ng respeto para sa public office?” Singkit siya pero nang mga oras na iyon ay baka sinlaki ng buwan ang mga mata niya.

Halos visible ang ilang inches na itinalon ng mga ito mula sa kinauupuan, kapwa natulala sa outburst niya. Namumutla pa nga iyong lalaki.

“Ano?” hamon niya. “Wag n’yo akong inaasar, kayang-kaya kong palabasin sa papel na may malawak na cartel kayo na pinamamahalaan! Makatikim kayo ng life sentence!”

Mukhang umepekto ang banta niya. Natigil ang lampungan kapalit ng pagpalahaw ng mga ito.

“Ma’am, ’wag naman pong gano’n!”

“Ma’am, malapit na po kaming ikasal. Baka naman puwede po natin itong pag-usapan.”

“Ma’am, sampung grams lang naman, di ba konti lang ‘yun?”

Hindi nakatulong ang huling narinig para kumalma siya.

“Sampung grams lang? Nila-lang n’yo ang sampung grams?” Naglabasan ang litid sa kanyang leeg habang dinuduro ang mga ito. “Hoy, kayo, kung akala n’yo negligible ang sampung grams, nagkakamali kayo. Parang pagnanakaw iyan. Que sampung piso

High On Love - Edith Joaquin

o sampung libong piso o sampung milyong piso ang kinulimbat n'yo, pagnanakaw pa din ang ginawa n'yo. Kriminal pa din kayong matatawag.”

Naupo na siyang muli para ituloy ang ginagawa. Isusunod na sana niyang magtanong tungkol sa iba pang personal na impormasyon ng dalawa nang humabol ng panalita ang lalaki.

“Ma’am, eh, kung sampung piso lang ’yung ninakaw, hindi naman siguro kriminal ang tawag doon,” panukala nito. “Baka kinulang lang sa pambayad.”

Ampot... Umuusok ang tainga niyang tumili para magpatulong sa isa sa kanilang admin assistants doon.

“Cita! Alisin mo nga ang dalawang ’to sa harap ko ngayon na’t baka mabaril ko pa.”

“Saan ko po sila dadalhin, Ma’am Ivy?” Halos matisod ang babae sa pagmamadaling lumapit sa kanya.

Nag-hang yata ang utak niya roon.

Diyos ko namang mahabagin! Parang parating bagong salta sa opisina ang lekat na..... Kung pati ito kaya ay barilin niya rin?

“Sa detention, saan pa ba?” Ikinuyom niya nang mariin ang mga palad sa kandungan bago lumipad iyon para tumama sa panga nito.

“Ay, oo nga po.” Tinawag nito ang isa pa nilang kasamahang

lalaki para tulungan itong haltakin ang dalawang nagpoprotestang madala sa temporary na selda sa opisina nila.

Ilang pintig muna siyang nag-breathing exercises para kalmahin ang sarili. Nanginginig kasi siya. Mahirap mag-type kapag nagma-muscle spasms ang bawat hibla ng katawan dala ng sobrang inis.

God, give me strength, piping usal niya.

Mabuti na lang at may nahuhugot siyang pasensya sa araw-araw na ginawa ni Lord. Kailangang-kailangan niya iyon lalo't bukod sa mga nahuhuli nilang makukulit na tulad nitong mga ito, hindi lahat ng kasamahan niya ay may common sense na matatawag.

Susmaryosep! Graduate naman ng four-year course, kung bakit simpleng mga bagay parang parating scientific problem para rito. Tulad sana ng pag-e-encode ng data na kokopyahin lang verbatim. Sino ang mag-aakalang sasablay pa ito sa pagkopya ng kung anong nakasulat na at may template na rin sa computer? Pagkatapos, ganoong sablay na nga sa trabaho, may gana pa itong magpatambay ng anak na kapag natapos sa klase sa tanghali ay nakikipag-agawan pang gumamit ng office computer para maglaro ng *Sims Social* at *Gardens of Time*.

Kaya imbis na magpahinga na lang sa bahay pagkatapos ng trabaho, nag-uuwi pa siya ng paperwork dahil kung iaasa niya sa assistant iyon, siya ang mapuputukan kapag submission ng

quarterly at annual reports na maraming mali. Kung bakit kasi hindi pa sisantehin ang tinamaan ng magaling na admin assistant na ito.

Minasahe niya nang kaunti ang tensyonadong leeg bago muling tumipa. Nang matapos ang tina-type, tinawag niya ang isang kasamahan para madala sa crime lab ang nakalap nilang ebidensiya pati ang dalawang suspect for drug testing.

“Ma’am, parang awa n’yo na...”

Nagsimula muling pumalahaw ang dalawang nahuli. Sinikap niyang mag-shutdown na lang muna ng pandinig dahil rinding-rindi na siya sa boses ng mga ito.

“Ivy, ako na sa kanila.” Lumapit ang isa sa mga kasamahan, si Boboy.

“Thank you.” Halos yakapin niya ito sa pasasalamat.

“Matanong ko lang,” pahabol nito at nang itaas niya ang kilay patanong, itinuloy nito ang sinasabi. “Naasar ka ba dahil sa professionalism issues o dahil nainggit ka sa paglalampungan nila?”

Mabuti mabilis itong nakatakbo. Mababaril din niya ito kung nagkataong nanatili ito in her line of fire.

Manila...

Iling-iling si Sheridan Gatdula habang pinanonood ang kanyang bisitang nagpupuyos na umalis mula sa opisina niya. Sanay na siya sa ganoong eksena ilang taon na mula nang magkaroon siya ng reputasyon bilang print journalist version ni Mike Enriquez ng *Imbestigador*.

Siya ang nilalapitan ng karaniwang mamamayan with anything from domestic complaints to community-wide criminal incidences. Sinisikap niyang mabigyang solusyon ang anumang problema sa uri ng kanyang pamamahayag pati na ang kapit niya sa sari-saring law enforcement agencies.

Iyon nga lang, ninety percent of the time, katulad lang nitong huling kausap niya ang mga nagpupunta sa kanya—pawang naghahanap ng sari-sariling sixty seconds of fame.

“Ano’ng problema n’un?” Sumilip sa opisina niya si Cadio, ang kanyang partner-in-crime cum researcher.

“As usual, gusto ng exposé pero kapag pinaliwanagan mo ng procedure at protocol, lumalabas na wala kang malasakit at nagsayang lang sila ng oras sa pagpunta dito.”

“Ah,” napatangong sabi nito. Ito man ay sanay na rin sa ganoong mga reklamador ng lipunan. “Parang sila lang ang may problema, ano?”

“Hayaan mo na. We need to be as discerning as we can.” Hinarap muli niya ang computer at ang naabalang trabaho. “Kung kailangang tumulong, hahanap tayo ng paraan para makatulong.”

“Mismo.”

“Pare, tatapusin ko lang ’to ’tas pauwi na ako, ha,” paalam niya.

“Maaga ka yata?”

“Birthday ni Bunso,” paliwanag niya na ang tinutukoy ay ang kapatid. “Bibili pa ako ng pandagdag sa handa.”

“Okay.” Muli itong tumango at iniwan na siya nito.

Nag-a-attach siya ng natapos na artikulo sa email nang may mapansin siyang balita sa kanyang *Yahoo* newsfeed.

Tungkol sa isang hit-and-run incident sa isang barangay sa Cebu City. Hit and run pero execution style. Pangatlong insidente in the last two months. Weird. Parang may naaalala siya sa ganoong insidente. Something he himself worked on years ago.

Gustuhin man niyang maghanap pa ng dagdag na resources na maaaring konektado sa balitang nabasa, he really had to leave. Mabuti na lang at may researcher siya.

“Pare, pakitingnan naman kung may makikita ka sa archives na related news tungkol sa balita about that hit-and-run incident sa Cebu today.”

“Your gut’s telling you something?” agad nitong sabi.

Nagkibit siya. “Reminds me of... you know.”

“Ah, yes. I remember,” nakauunawang sabi nito.

Of course, alam nito kung ano ang ibig niyang sabihin.

Four years ago, noong isa pa siyang struggling journalist, may nasuwertehan siyang isang insidente na naging sensational news nang matagal na panahon. Talk about being at the right place at the right time, isinumpa at ipinagpasalamat niya ang sandaling iyon that somehow made his career.

Tandang-tanda pa niya ang bawat detalye na tila kahapon lang. Naligaw lang siya ng daan kaya siya napadpad sa lugar na iyon kung saan isang stakeout ang nagaganap. Isang drug lord, lider ng international drug cartel na matagal namayagpag sa underground scene sa bansa ang subject ng stakeout.

Walang road block siyang naraanan, walang nasalubong na kahit ano o sino. Malamang dahil bago pa man siya napadpad doon, na-evacuate na ang mga naroon. Bago pa siya nakaatras, nagsimula ang palitan ng putok and all he could do was crouch behind a large metal trash bin at ipagdasal na hindi siya tamaan ng ligaw na bala. Gustuhin man niyang tumakbo palayo para makaligtas, mabilis din niyang napagtanto na lalo lang siyang mapapahamak kung kikilos siya mula sa pinagtataguan niya.

Kinasangkapan na lang niya ang pagkakataon bilang pagkukuhaan ng balitang isa-submit niya sa kanyang editor kinabukasan. Armed with nothing but a cellphone na may camera at video recorder, idinokumento niya ang buong kaganapan

at ginawan iyon ng kaukulang narrative na naging laman ng kanilang front page kinaumagahan.

Siya na ang naging lead investigative reporter para sa balitang siya ang nagdala. Iyon kabilang ang ilan pang balita na kulang na lang ay ipalit ang buhay niya dahil sa peligrong dala ng mga ito.

Dalawang taon mahigit ang binilang para maibaba ang sentensya para sa kaso ng drug lord – *reclusion perpetua* na siyempre hindi lang para sa kaso ng drug trafficking, kundi pati na rin sa mga kaso ng money laundering, illegal arms deals, kidnapping, murder at attempted murder.

Nang napatay sa loob ng kulungan ang drug lord pati ang mga alipores nitong kasamang na-*Bilibid* ilang buwan lang pagkalipas na nailipat ang mga ito sa Muntinlupa, siya pa rin ang naghatid ng breaking news sa publiko. Napag-alaman niya, puwedeng biktima ang mga ito ng gang war sa loob. Maaaring ipinatumba ng kung sino.

Hanggang sa kasalukuyan ay unresolved pa rin ang murder case. Natabunan na nang natabunan ang kuwento ng drug lord na nahanap ang katapusan sa loob ng *Bilibid* ng iba pang mas current, mas relevant at mas sensational na balita.

Pero mukhang magbabago ang ihip ng hangin, hindi man sa Manila, sa ibang lugar sa Pilipinas dahil sa kababasa niya lang na article. Malalaman niya bukas din kapag na-research na ni Cadio

High On Love - Edith Joaquin

ang kaukulang impormasyon.

“Sige, mamaya pa naman ako uuwi. Balitaan kita.”

“Salamat, Pare.” Tinanguan niya ito bago tuluyang umalis.